Balumbon, Ikid x Iskrol
BA ELS 3B
FL 2

Ito ay isang akda ng mga malikhaing panitikan nakasaad sa “Balumbon, Ikid x Iskrol” Maliban lamang kung direktang nakasaad, lahat ng mga pangalan, tauhan, karakter, pangalan ng negosyo, lugar, kaganapan at pangyayaring nababanggit sa akdang ito ay kathang isip lamang ng mga may-akda o di kaya’y gawa-gawa lamang. Anumang pagkahawig ninuman, buhay o yumao na, o mga tunay na kaganapan ay nagkataon lamang.

Ang may-akda o tagapaglathala ay walang pananagutan sa anumang paraan ng paggamit ng mga mambabasa nito na lumalabag sa anumang batas.
Karapatang-ari 2025 ng Marinduque State University
https://new.express.adobe.com/webpage/chrxUpz7HC8JE

Ang edisyong print at e-book na ito ay unang inilathala sa Pilipinas ng Marinduque State University. May tanggapan sa Brgy. Tanza, Boac, Marinduque at contact details sa telepono (042)7540158 at mobile 09176273078, maging email sa marindukanon@gmail.com
Print ISBN:_____
E-book ISBN: _____

Haiku

1. Fiegalan: tiwala 3
2. Ferangco: paru-paro 4
3. Laylay: karahasan 5
4. Ledesma: malaya 6
5. Maling:lilok 7
6. Millar: pagluoy 8
7. Monteclaro: takipsilim 9
8. Opis: buwan 10
9. Ordillano: himig 11
10. Recaña: sinta 12
11. Sena: salita 13
12. Solo: buwan 14
13. Timajo: pag-sinta 15
14. Yacap: mundo 16

Tanka

1. Fiegalan: Juntos en la Lucha 17
2. Ferangco: sanggol 18
3. Laylay: dapithapon 19
4. Ledesma: kape at sigarilyo 20
5. Maling: guwantes 21
6. Millar: silakbo 22
7. Monteclaro: agam 23
8. Opis: damitan 24
9. Ordillano: sarili 25
10. Recaña: pangungulila 26
11. Sena: rubato 27
12. Solo: musika 28
13. Timajo: pangamba 29
14. Yacap: mananagumpay 30

Haibun

1. Fiegalan: Sa tahimik na Umaga 32
2. Laylay: ang ating pag-ibig 33
3. Ledesma: habi ng ulap 34
4. Maling: sa gitna ng ulan 35
5. Millar: lakwatsa 36
6. Monteclaro: pag-asa 37
7. Opis: sa kaloob-looban 38
8. Ordillano: guhit 39
9. Recaña: alapaap 40
10. Sena: pamagat 41
11. Solo: cadena de amor 44
12. Timajo: lumbay 45
13. Yacap: lumipas na araw 46

Mga Haiku: Balumbon

ᜆᜒᜏᜎ (tiwala)
Tiwala sa 'yo,
Kahit na malayo ka,
Aasa ako.
- Kendorikku

Balumbon, Ikid, Iskrol

KARAHASAN
Sa bawat sigaw
Anino'y sumasayaw
Ang karahasan
- グリア

Malaya
Ikaw ay tula,
Na 'di sa'kin
tutugma,
Malaya ka na.
-rosheru

Lílok
Ako'y lumilok
Sa mga linya't kulay
ikaw ang sining
-klee



Balumbon, Ikid, Iskrol

Balumbon, Ikid, Iskrol

"Buwan"
Gamit ang Buwan
Lahat ay tutunguhan
Sayo ilalaan
- izu


Himig
Tunog ng ulan,
Sa bintana'y kumatok,
puso'y sumabay.
-Haina



Balumbon, Ikid, Iskrol

SALITA
ことば
言葉
WIKA NG NOON
かこ げんご
過去の言葉
BURDA NG BILYONG TAO
おくにん
億人のタペストリー
KOMUNIKASYON
コミュニケーション
-トマス セナ



Balumbon, Ikid, Iskrol



Balumbon, Ikid, Iskrol


Mundo
S'ya, aking mundo.
Puso'y puno 'yong pag-ibig.
Ako'y masaya.
-ronaberu

Mga Tanka: Ikid



Balumbon, Ikid, Iskrol

SANGGOL

Una mong iyak,
Musika sa pandinig.
Ika'y biyaya,
Puso ko'y nagwawala,
Walang papantay sayo.

-Meri Jein

Dapithapon
Sa dapithapon,
Buwan ay nagmamasid,
Along tahimik,
Sa puso'y may hapdi pa,
Paalam ay lumisan.
- グリー



Balumbon, Ikid, Iskrol

Balumbon, Ikid, Iskrol


Silakbo
Sigaw ng puso
Ay pangalan mo sinta
Umiinit at
Lalo ay sumisigla
Ikaw lang, walang iba
- Maireru

Balumbon, Ikid, Iskrol

"Damitan"
Pulang Damitan
Kung saan nakatago
Mga hinanakit
Nais itago dito
Mga damdaming Kay lalim
- izu



"Sarili"

Hapdi't lungkot mo,
Nasa sa iyong loob,
Ngiting pilit lang,
Sa sarili'y tanong mo,
Kakayanin mo pa ba?

-Haina

Balumbon, Ikid, Iskrol


Rubato
ルバート
Isang pagkita
最初の出会い
Umawit pusong payapa
平和な心は歌う
Ihip ng hangin
一陣の風
"Tanda mo yung nangyari?"
"何があったか覚えているか"
Hindi na ma-uulit
二度と
トマス

Balumbon, Ikid, Iskrol

Balumbon, Ikid, Iskrol



Balumbon, Ikid, Iskrol

Mga Haibun: Iskrol


Sa Tahimik na Umaga
Sa tahimik na umaga, habang ang mundo'y nasa himbing pa at ang unang liwanag ay humahaplos sa silangan, naiisip kita. Lumipas ang mga taon at huminahon na ang ating mga damdamin, ngunit ang pag-ibig ay nananatiling matatag-parang alon na walang sawang humahalik sa dalampasigan. Naharap natin ang mga bagyo, ipinagdiwang ang mga tagumpay, at sa bawat sandali, ang pag-ibig ko sa'yo ay lumalim, tumibay, gaya ng langit na nag-aapoy sa dapithapon. May ganda sa mga pangkaraniwan, sa paraan ng iyong kamay na natutunton ang akin sa dilim, sa ating pagtahimik na puno ng pang-unawa. Ito, alam ko, ang pinakadakilang pag-ibig-ang pag-ibig na nagtatagal, hindi sa magagarbong kilos, kundi sa tahimik na pagtitiyaga ng araw-araw na buhay.
Dumampi ang bukang-liwayway
Liwanag ng pag-ibig, unti-unting lumalaganap
Dalawang pusong magkasama sa iisang tibok
~Kendiriku



Balumbon, Ikid, Iskrol


Habi ng Ulap
Sa kalawakan, tahimik na naglalakbay ang mga ulap. Sa kanilang mga anyo, may kuwento ng kalikasan, mga bundok ng bula, karagatan ng puti. Minsan, parang balabal na nagkukubli sa liwanag ng araw, minsan nama'y tila mga pangarap na madaling maglaho. Pinagmamasdan ko sila mula sa bintana, nagbibilang ng mga hugis, nag-iisip ng mga kahulugan. Ngunit sa likod ng bawat ulap, may mga tanong na naiwan saan ba patungo ang lahat ng ito?
Puting ulap,
mga pangarap sa alapaap,
biglang naglaho.
-rosheru


Sa gitna ng ulan, hawak ko ang payong na nanginginig
sa lakas ng patak. Nakatayo siya sa tabi ko, balikat ko
ay basa, at siya'y sumilong sa aking tabi, binubuka ang
payong ng sapat upang siya'y masakluban. Ang bawat
patak ng ulan ay tila bumabagsak na musika, ngunit ang
kanyang mga mata'y mas maliwanag kaysa sa
pinakamadilim na ulap.
Hahawakan ko ang payong nang mahigpit, itataas ito
upang walang patak ang makalusot sa kanyang balikat.
Sa ilalim ng payong, ang mundo ay tila tumahimik—ang
lahat ng ingay ng ulan, ng hangin, ay nawawala. Tanging
siya at ako, sa maliit na espasyong ito ng kapayapaan.
Patak ng ulan
Sa ilalim ng payong—
Wala nang iba
– Klee


Lakwatsa
Maingay na paligid ang bumungad sa paghakbang sa labas ng tahanan. Kuwentuhan dito, sigawan doon ang bumabalot sa palagid, mga taong naglalakad nang mabilis at pabalik-balik. Hindi pamilyar ang mga mukha, ito ang unang pagkakataon na makalabas mula sa lungga, sa tahanan. Isang pagkakataon para mamasyal at makakilala ng mga tao, masilayan man lang ang mundo sa labas ng pinagtataguan. Ganito pala ang kalakaran sa labas: nakakatakot, lahat ng tao ay tila nagmamadali, agos ng mga tao ay walang humpay, ang ingay at mga sigawan ay umaabot sa sukdulan. Tila wala naman itong kaibahan sa loob ng tahanan, kung saan mariringig din ang sigawan, ingay ng pag-aaway ni inay at itay, pagkabasag ng mga kagamitan, walang katapusang alingawngaw.
Nakakapagod
Ganitong kalagayan
Sana magwakas.
– maireru


Pag-asa
Sa gitna ng dilim, nagkukubli ang mga pangarap na para bang nahahanap sa mga luhang natuyot. Ang mga pagsubok ay tila mga alon na bumabalot sa atin, nagbibigay ng kahinaan ng loob.
Subalit, sa bawat umagang sumisikat, may liwanag na nag-aanyaya, nagsasabing may dahilan ang bawat pagdapo ng hangin sa ating balat. Ang pag-asa ay isang nagbibigay na liwanag, isang gabay sa landas na kay hirap tahakin.
Ang pag-asa ay hindi natitinag; kusang bumabangon sa bawat pagkakadapa. Ang mga bituin, kahit gaano kaliit, ay nagbibigay ng liwanag sa madilim na kalangitan, nagsasabing hindi tayo nag-iisa.
Sa isang saglit, umuusbong ang tanging liwanag:
Tayo'y lumaban
Sa dilim ay dumaan
Pag asa'y kamtan
~ Arondoria


Sa Kalooban -looban
Malalim ang iniisip sa loob ng tahanan ay humalukipkip pagkat ang kalooban ko'y puno ng hiwaga sa kalawakan at isip ko'y patuloy na lumalalim ,at mas lalo itong dumidilim sa tuwing ako'y nangangapa sa pangarap na puno ng nakalalasong mithiin.Marahil ako ay patuloy lamang na nabubuhay dahil sa pag asang ako ay patungo sa bagay na matagal ko nang inaasam kung saan ang buhay ay kasing ningning ng bituin sa langit o kasing payapa ng araw tuwing bukang liwayway. Patuloy kong ninanais na makamit ang kalayaan upang pintahan at kulayan ang sa ngayo'y paligid kong nasa sulok parin ng mapait na kahapon.
Pinangako ko
Sa lahat ako'y lilipad
Kahit saan man
IZU

Guhit

Sa bawat pag-usad ng araw, ang lapis ay kumikilos sa papel, nag-iiwan ng mga linya na tila walang katapusan. Sa bawat guhit, may kwentong nabubuo, mga pangarap na unti-unting nagkakaroon ng hugis at kulay. Minsan, ang mga guhit ay tuwid, walang bakas ng pag-aalinlangan; ngunit sa iba, may liko, may tagilid, may mga tanong na hindi madaling sagutin.

Sa buhay, tulad ng sa papel, ang bawat guhit
ay may kahulugan. Kahit sa simpleng linya, may
damdaming nakapaloob, may galak, may
lungkot, may pag-asa. At kahit gaano pa kaliit
ang mga guhit, sila'y bahagi ng mas malaking
larawan na nabubuo sa paglipas ng panahon.

Isang linya lang,
ngunit puno ng liwanag—
ngiti ng bata.



-Haina



Balumbon, Ikid, Iskrol


Pamagat
タイトル
Sa bawat pagpatak ng ulan, may dalang sariwang simoy ng hangin. Ang mga halaman sa paligid ay sumasayaw, pinupuno ng buhay ang bawat sulok ng mundo. Ang mga bulaklak ay naglalantad ng kanilang makukulay na talulot, tila ba sumisigaw ng kagalakan. Sa mga mata ng bata, ang bawat simpleng bagay ay isang himala, isang butil ng buhangin, isang maliit na bulaklak, isang lumilipad na paru-paro. Ang oras ay tila mabagal, nagbibigay daan para sa bawat sandali na malasap, para sa bawat damdamin na maramdaman. Sa gitna ng lahat ng ito, mauunawaan natin ang tunay na kahulugan ng kagandahan ng buhay. Ang pagiging simple, ang pagiging totoo, at ang pagiging bukas sa kung ano mang darating.
Isang paghinga,
Dala ng hangin ay saya
Kapayapaan
トマス

Balumbon, Ikid, Iskrol


LUMBAY
SA PAGLIPAS NG MGA ARAW AY LAGING RAMDAM ANG LABIS NA PAGKALUNGKOT. HINDI ALAM KUNG ANO ANG RASON NG BIGLANG PAG-BISITA NITO. MARAHIL AY DAHIL SA LABIS NA PAG-IISIP KUNG MAY PATUTUNGUHAN BA? OH SA LABIS NA TAKOT NA BAKA HINDI MAISALBA ANG SARILI SA HINAHARAP? MADALAS AY NAPAPAISIP KUNG ANO BA ANG MGA NARARAPAT GAWIN. UPANG MATULUNGAN ANG SARILI NA MAIWASAN KAHIT ISANG SAGLIT ANG PAGKALUMBAY. HINDI ALAM KUNG HANGGANG KAILAN. HINDI ALAM KUNG MAKAKATAKAS PA BA. NAKAUPO NA LAMANG SA ISANG SULOK HABANG NAG-IISIP. WALANG PATUTUNGUHAN ANG PAG-IYAK, NGUNIT ITO LANG ANG TANGING PARAAN UPANG MABAWASAN ANG HINDI MAIPALIWANAG NA NADARAMA.
ANG KALUNGKUTAN
HINDI NA MATAKASAN
IIYAK NA LANG
-JOANA



Lumipas na Araw

Sa ilalim ng lilim ng mangga, Nasaan na ang mga araw na puno ng saya? Isang araw sa ilog na malinaw, ingay umaalingawngaw, Musmos na isipan walang inisip kundi ang kasiyahan.
Ang langit na nag mistula isang malaking canvas, Pinipinta ng araw ang bawat oras. Iniisip mga pangarap na tila ba'y walang wakas.
Ngunit lumipas ang panahon, ang lahat ay nagbago, Mga alaala'y unti-unting kumupas. Mundo'y naging maingay, nagbago ng wagas, Ang mga pangarap ay nagwakas.

Panahon lumipas,
Alaala'y kumukupas na,
Mundo'y nag-iiba.

-ronaberu _ HAIBUN